



# Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang mga Katanungan PARA SA MGA TAONG NAKOMPROMISO ANG IMYUNIDAD

## Bakit ang mga taong mayroong mahinang mga sistema ng imyunidad ay may kakaibang rekomendasyon ng bakuna?

Ang mga taong may [banayad o malubhang huminang mga sistema ng imyunidad](#) (hal., mga kanser na may kaugnayan sa dugo o ilang partikular na paggamot para sa kanser, paglalagay/paglilipat ng mga lamang loob sa katawan [organ transplant], at ilang partikular na kondisyon ng autoimmune) ay lalong madaling maapektuhan ng COVID-19. Mas malamang na makakuha sila ng COVID-19 kaysa sa mga taong may normal na sistema ng imyunidad. At kung sila ay mahawahan, sila ay mas malamang na malubhang magkasakit at maikalat ang virus sa iba.

Bukod dito, ang ilang taong may mahinang mga sistema ng imyunidad ay hindi nakakagawa ng sapat na proteksyon mula sa karaniwang pangunahing serye ng COVID-19.

Sa mga kadahilanang ito, ang mga taong may banayad o malubhang huminang sistema ng imyunidad ay may ibang rekomendasyon sa bakuna upang makatulong na mapataas ang kanilang proteksyon. Bukod dito, ang isang medisina upang makatulong na mapigilan ang impeksyon sa COVID-19 na tinatawag na [Evusheld](#) ay inirerekomenda din para sa maraming may banayad o malubhang may nakompromisong imyunidad na mga tao (tingnan sa ibaba)

## Ilang dosis ang kailangan kong kunin?

Depende sa iyong edad at sa iyong pangunahing serye ng bakuna sa COVID-19.

### *Mga pangunahing serye*

- **Kung ang iyong mga pangunahing serye ay ang bakuna ng Pfizer o Moderna**, dapat kang kumuha ng 3 dosis
- **Kung ang iyong mga pangunahing serye ay nagsimula sa J&J vaccine**, dapat kang kumuha ng 1 dosis ng bakuna ng J&J vaccine at isa pang dosis ng alinman sa bakuna ng Pfizer o Moderna
- **Kung ang iyong mga pangunahing serye ay bakuna ng Novavax**, dapat kang kumuha ng 2 dosis

### *Mga dosis ng pampalakas na bakuna (booster)*

- **Ang mga taong edad 5 taong gulang pataas** - dapat kang kumuha ng (binagong) pampalakas na bakuna\* na bivalent ngayong taglagas (fall) ng hindi bababa ng 2 buwan pagkatapos ng iyong huling dosis ng bakuna sa COVID-19 (alinman sa kahulihang dosis ng mga pangunahing serye o ang pinakahuling pampalakas na bakuna). Ito ay hindi alintana kung gaano karaming mga pampalakas na bakunar o kung anong uri ng (mga) bakuna ang nakuha nila sa nakaraan.
  - Ang mga taong 6 na taong gulang pataas ay maaaring kumuha ng alinman sa pampalakas na bakuna ng Pfizer o Moderna ngayong taglagas (fall).
  - Ang mga batana edad 5 taong gulang ay pwede lamang kumuha ng pampalakas na bakuna ng Pfizer ngayong taglagas (fall)

\*Kung ikaw ay edad 18 taong gulang pataas, pwede kang pumuli na makakuha ng bakuna ng Novavax (monovalent) sa halip na pampalakas na bakunang bivalent na mRNA (Pfizer o Moderna) kung matutugunan mo ang **lahat** ng mga sumusunod na batayan: ikaw ay hindi makakuha o ayaw mong kumuha ng pampalakas na bakunang mRNA **AT** nakumpleto mo na ang



# Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang mga Katanungan PARA SA MGA TAONG NAKOMPROMISO ANG IMYUNIDAD

mga pangunahing serye **AT** hindi ka pa nakakakuha ng pampalakas na bakuna dati para sa COVID-19.

- **Ang mga batang edad 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang — Walang mga dosis ng pampalakas na bakuna ang pinahintulutan para sa grupo ng edad na ito.**

Bisitahin ang inter-aktibong *Alamin Kung Kailan Pwedeng Kumuha ng Pampalakas na Bakuna (Booster)* na kasangkapan (tool) sa webpage ng CDC [Manatiling Napapanahon sa mga Bakuna ng COVID-19 Kabilang na ang mga Pampalakas na Bakuna \(Boosters\)](#) para malaman kung kailan ka (o ang iyong anak) ay nakatakda na para sa bakuna.

**Tanungin ang iyong doktor tungkol sa pinakamahusay na panahon para sa iyong mga dosis ng bakuna batay sa iyong kasalukuyang plano sa paggamot. Ito ay lalong mahalaga kung ikaw ay magsisimula o muling sisimulan ang pagpigil sa iyong imyunidad (immunosuppressive) na paggamot.**

Tingnan ang [Iskedyul ng Bakuna sa COVID-19](#) ng DPH sa [ph.lacounty.gov/covidvaccineschedules](http://ph.lacounty.gov/covidvaccineschedules) para sa impormasyon ng lahat ng inirerekomendang pangunahin at pampalakas na dosis para sa mga taong nakompromiso ang imyunidad (immunocompromised).

## Ano pang ibang mga hakbang ang dapat kong gawin para protektahan ang aking sarili?

Mahalagang gumawa ng iba pang mga hakbang upang maprotektahan ang iyong sarili mula sa COVID-19 bukod pa sa pagpapabakuna para sa COVID-19:

- **Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa medisina para mapigilan ang COVID-19.** Ang isang medisina na tinatawag na Evusheld ay magagamit na ngayon upang mapigilan ang impeksyon sa COVID-19 sa mga taong hindi nakakagawa ng sapat na proteksyon mula sa bakuna lamang. Ito ay ibinibigay bilang 2 magkahiwalay na iniksyon sa puwit sa isahang pagbisita. Ito ay ibinibigay tuwing 6 na buwan sa mga taong edad 12 pataas na tumitimbang ng hindi bababa sa 88 pounds. Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang Pasyente/Magulang na [Pahina ng Katotohanan ng Evusheld](#) ng FDA.
- **Magsuot ng nakakapagprotektang maskara** katulad ng maayos ang pagkakalap na respireytor (hal., N95, KN95, KF94) o [dobleng pagmamaskara](#) para sa mas mataas na antas ng proteksyon. Iwasan ang panloob na mga lugar na napakaraming tao o mga espasyo na hindi maganda ang daloy ng hangin hanggang posible. Para sa mga detalye, tingnan ang [ph.lacounty.gov/reducerisk](http://ph.lacounty.gov/reducerisk) at [ph.lacounty.gov/masks](http://ph.lacounty.gov/masks).
- **Hikayatin ang mga tao na nakakasama mo na tulungan kang maprotektahan ka.** Dapat silang manatiling [napapanahon](#) sa kanilang mga bakuna sa COVID-19 kabilang ang pampalakas na bakuna (kung edad 5+) ngayong taglagas, at gumawa pa ng ibang mga hakbang para [pababain ang kanilang mga panganib](#) na magkaroon o magpasa ng COVID-19 sa iyo.





# Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang mga Katanungan PARA SA MGA TAONG NAKOMPROMISO ANG IMYUNIDAD

## Saana ako maaaring makakuha pa ng mas maraming impormasyon?



- Para ilimbag (print) o tingnan itong Madalas na Katanungan (FAQ) o mga Kadalasang mga Katanungan (FAQs) sa iba pang paksa ng COVID-19, i-iskan ang QR na kodigo o bisitahin ang [Mga Kadalasang mga Katanungan \(FAQs\) sa bakuna ng COVID-19](#).
- [VaccinateLACounty.com](#) – kabilang ang [Mga iskedyul ng Bakuna ng COVID-19](#) na may larawan para ipakita kung kailan ang bawat dosis ay nakatakda at impormasyon sa [Paano Magpapabakuna](#).
- Tingnan ang webpage na [Mga Bakuna ng COVID-19 para sa mga may Banayad o Malubhang Nakompromisong Imyunidad \(Immunocompromised\) na mga Tao](#) para malaman pa ang mas marami.
- Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan.